



Isang hakbang-hakbang na gabay sa pagpapatala sa de-kalidad na saklaw sa kalusugan

Kami ang bahala sa iyo.

Ang Covered California ay kung saan makakabili at makakapagkumpara ang mga taga-California ng mga de-kalidad na planong pangkalusugan sa iba't ibang may pangalang mga kumpanya ng seguro. Maaari ka pang makakuha ng tulong sa pagbabayad para rito.

Tutulungan ka ng gabay na ito na mas maunawaan ang iyong mga opsyon ng saklaw upang makapagpatala ka sa pinakaangkop na planong pangkalusugan na angkop sa iyong mga pangangailangan.

Nandito kami upang makatulong.

Nag-aalok ang Covered California ng libre, lokal, personal na tulong sa pagpapatala, online chat, at tulong sa telepono sa 13 wika pati na rin para sa may kapansanan sa pandinig. Para sa tulong sa anumang panahon ng proseso ng pagpapatala, tumawag sa **800.983.8816** o bisitahin ang **CoveredCA.com**.

Unang hakbang:

Tingnan kung kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad para sa saklaw ng kalusugan

Batay sa taunang kita ng iyong sambahayan, maaari kang maging kwalipikado para sa tinatawag na Advanced Premium Tax Credit (APTC) upang tulungang mabawasan ang iyong mga buwanang premium. O maaari kang maging kwalipikado para sa mura o walang bayad na pagsakop sa pamamagitan ng Medi-Cal.

Taon ng Saklaw 2021



Pinakamataas na Taunang Kita ng Sambahayan upang Maging Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong

LAKI NG PAMILYA	MEDI-CAL	COVERED CALIFORNIA
1	\$17,609	\$76,560
2	\$23,792	\$103,440
3	\$29,974	\$130,320
4	\$36,156	\$157,200
5	\$42,339	\$184,080
6	\$48,521	\$210,960

Maaari kang maging kwalipikado para sa mura o walang bayad na Medi-Cal.

Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng Covered California.

Ang lahat ng mga numerong nakalista sa itaas ay mga pagtatantya. Para sa mas malalaking sambahayan, mangyaring bisitahin ang Shop and Compare tool sa CoveredCA.com upang malaman kung kwalipikado ang iyong pamilya. Buong taon ang pagpapatala sa Medi-Cal.



Ang Bukas na Pagpapatala ay sa Nob. 1 – Ene. 31 | Magpatala bago sumapit ang Dis. 15 upang maging kwalipikado pagdating ng Ene. 1

Pagpapatala sa de-kalidad na saklaw ng kalusugan

Pangalawang hakbang:

Tuklasin ang iyong mga opsyon ng saklaw

Nag-aalok ang Covered California ng apat na antas ng pagsaklaw: Bronze, Silver, Gold at Platinum. Sa bawat antas, nagbabayad ang mga kumpanya ng isang bahagi ng mga saklaw na medikal na serbisyo. Ang mga benepisyo na inaalok sa loob ng bawat antas ay magkakarapareho kahit ano pa ang kompanya ng seguro ang pipiliin mo.

- **Piliin ang Platinum o Gold** at magbabayad ka ng mas mataas na buwanang premium, ngunit magbabayad ka nang mas mababa para sa mga serbisyong medikal.
- **Piliin ang Silver o Bronze** at magbabayad ka ng mas mababang buwanang premium, ngunit magbabayad ka nang mas mataas para sa mga serbisyo medikal.
- **Mayroong planong may pinakamababang pagsakop** para sa mga mas bata sa edad na 30 o mga 30 taong gulang at mas matanda na tumanggap ng exemption dulot ng kahirapan mula sa U.S. Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao.

Shop and Compare

Bisitahin ang CoveredCA.com at piliin ang “Shop and Compare” upang makita kung aling mga brand-name na mga planong pangkalusugan ang tama para sa iyo.



Mga pangkaraniwang benepisyo ng saklaw ayon sa antas

MGA PINAKAMAHALAGANG BENEPISYO	BRONZE Sumasaklaw sa 60% ng pamantayan o average na taunang gastos	SILVER Sumasaklaw sa 70% ng pamantayan o average na taunang gastos	GOLD Sumasaklaw sa 80% ng pamantayan o average na taunang gastos	PLATINUM Sumasaklaw sa 90% ng pamantayan o average na taunang gastos
Maibabawas sa Indibidwal/Pamilya	\$6,300/\$12,600	\$4,000/\$8,000**	Walang maibabawas	Walang maibabawas
Taunang Pagbisita sa Pangangalaga para sa Pag-iwas sa Karamdaman	Walang gastos	Walang gastos	Walang gastos	Walang gastos
Copay sa Pagbisita para sa Pangunahing Pangangalaga	\$65*	\$40	\$35	\$15
Copay sa Pagbisita para sa Agarang Pangangalaga	\$65*	\$40	\$35	\$15
Copay sa Pang-emerhensiyang Kuwarto	40% ng bayarin hanggang maabot ang deductible	\$400	\$350	\$150
Copay sa Generic na Medikasyon	\$18	\$16	\$15	\$5
Taunang Pinakamataas na Out-of-Pocket para sa Isa	\$8,200	\$8,200	\$8,200	\$4,500
Taunang Pinakamataas na Out-of-Pocket para sa Pamilya**	\$16,400	\$16,400	\$16,400	\$9,000

Hindi kabilang sa tsart ang lahat ng medikal na mga copay at coinsurance rate. Para sa kumpletong impormasyon, bisitahin ang CoveredCA.com.

*Para sa mga Planong Bronze, aalisin ang naibabawas para sa unang tatlong pangunahing pangangalaga o agarang mga pagbisita sa pangangalaga. Sisingilin ang mga karagdagang pagbisita ng buong halaga hanggang sa maabot ang naibabawas.

**Ang Silver ang tanging antas kung saan ang iyong naibabawas at iba pang mga gastos ay maaaring maging mas mababa batay sa pinagsama-samang kita ng iyong sambahayan.

Covered California complies with applicable Federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, age, disability, or sex.

ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1.800.300.0213 (TTY: 1.888.889.4500).

注意：如果您使用中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1.800.300.1533 TTY 1.888.889.4500



Pagpapatala sa kalidad ng saklaw sa kalusugan

Pangatlong hakbang:

Mga kailangan mo upang magpatala

Kinakailangan ang sumusunod para sa bawat miyembro ng sambahayan na nag-a-apply para sa saklaw:

- Patunay ng kasalukuyang pinagsama-samang kita ng sambahayan*
- Petsa ng kapanganakan
- California ID o lisensiya ng drayber para sa mga nasa hustong gulang
- ZIP Code ng Pamamahay
- Numero ng Social Security o numero ng Identipikasyon ng Indibidwal na Tagabayad ng Buwis, kung mayroon ka
- Pagpapatunay ng pagkamamamayan o estado ng imigrasyon na kapani-paniwala (hal., pasaporteng U.S., legal na kard ng residente, sertipikasyon ng pagkamamamayan o dokumento ng naturalisasyon)**

Ang Affordable Care Act (ACA)

Bilang bahagi ng ACA, ang Covered California ay isang programa kung saan ang karamihan sa mga legal na residente ng California at ang kanilang mga pamilya ay makakapaghambing ng de-kalidad na mga planong pangkalusugan at piliin ang pinakamainam para sa kanilang mga pangangailangang pangkalusugan at badyet. Inaatas ng batas na:

- Ang dati nang mga kondisyong pangkalusugan ay hindi mapipigilan ang sinuman na masaklaw.
- Hindi makakansela ang iyong plano nang dahil sa may sakit o may pinsala ka.
- Ang mga kabataan ay maaaring masaklaw sa ilalim ng plano ng kanilang mga magulang hanggang sa edad na 26.
- Ang lahat ng mga plano ay may kasamang libreng pag-iwas na pangangalaga.

Pangunahing Kaalaman sa mga HMO, PPO at EPO

Nag-aalok ang karamihan ng kumpanya ng seguro ng tatlong uri ng plano:

Mga HMO

Ang mga Health Maintenance Organization ay sumasaklaw sa mga serbisyong medikal sa loob ng network ng plano lamang. Madalas inuutos ng mga HMO sa mga miyembro na kumuha ng referral mula sa kanilang doktor sa pangunahing pangangalaga upang magpatingin sa isang espesyalista.

Mga PPO

Nagbabayad ang mga Preferred Provider Organization para sa mga medikal na serbisyong kasama at hindi kasama sa network ng plano, ngunit nagbabayad ang mga miyembro ng mas malaking halaga ng gatsos para sa pangangalagang hindi kabilang sa network. Hindi na kinakailangan ng referral upang magpatingin sa isang espesyalista.

Mga EPO

Sa pangkalahatan, hindi sinasaklaw ng mga Exclusive Provider Organization ang saklaw na pangangalaga sa labas ng network ng plano, ngunit maaaring hindi na mangailangan ang mga miyembro ng referral upang magpatingin sa isang espesyalistang kabilang sa network.

Mahalagang tandaan na hindi lahat ng HMO, PPO at EPO ay makakatulad. Bago pumili ng plano, gamitin ang Shop and Compare tool sa CoveredCA.com upang kumuha ng mga detalye tulad ng kung anong mga doktor at ospital ang saklaw at magkano ang gastos sa pagpatingin sa isang doktor na hindi kabilang sa network.

*Patunay ng kasalukuyang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan ng buwis gaya ng tax return, W-2 o payslip. Dapat lang isama ang kita ng dependent kung ang antas ng kanilang kita ay nangangailangan ng tax return. Ang mga tao sa sambahayan ay inilalarawan bilang tao na naghahain ng mga buwis bilang pinuno ng pamilya at lahat ng dependent ay kumuha sa mga buwis ng taong iyon. Kung hindi ka naghahain ng mga buwis, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa libre o murang seguro sa pamamagitan ng Medi-Cal.

**Maaari kang mag-apply para sa iyong anak kahit na hindi ka kwalipikado. Maaari ding mag-apply ang mga sambahayang may mga miyembro na hindi legal na kasama.



Pagpapatala sa de-kalidad na pagsaklaw sa kalusugan

Pang-apat na hakbang:

Gumawa ng account at magpatala

Magpatala sa iyong plano sa CoveredCA.com. Gumawa lang ng user account at sundin ang proseso ng pagpapatala gamit ang mga impormasyon sa pangatlong hakbang.

Gaya ng karaniwan, narito kami upang tumulong. Kung may mga tanong ka o upang maghanap ng libre, lokal at personal na tulong, pakibista ang **CoveredCA.com** o tumawag sa **800.983.8816**.

Panlimang hakbang:

I-save ang iyong impormasyon

Tiyaking mayroong tala ng pangunahing impormasyon kaugnay ng iyong application.

USERNAME

PASSWORD

NUMERO NG APPLICATION ID

ACCESS CODE

NUMERO NG KASO

PANGALAN NG KUMPANYA NG SEGURO PANGKALUSUGAN

IMPORMASYON NG PLANO NG INSURANCE (NUMERO NG PLANO, NUMERO NG PANGKAT, ATBP.)

PANGALAN AT IMPORMASYON NG KONTAK NA CERTIFIED ENROLLMENT COUNSELOR (CEC), CERTIFIED INSURANCE AGENT O PLAN-BASED ENROLLER (PBE) NA TUMULONG SA IYO NA MAGPATALA

Pang-anim na hakbang:

Bayaran ang iyong premium

Tiyaking binabayaran ang iyong buwanang premium nang buo at nasa oras upang matiyak na nagpapatuloy ang iyong saklaw. Kapag hindi nabayaran ang iyong premium, maaaring maantala o makansela pa ang iyong saklaw sa kalusugan.

Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng libre, lokal at personal na tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa:

